Department of
**Health**

GOVERNMENT OF
WESTERN AUSTRALIA

# Naaprubahang impormasyon para sa isang taong gumagawa ng Unang Kahilingan para sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay

# Naaprubahang impormasyon para sa isang taong gumagawa ng Unang Kahilingan para sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay

Ang naaprubahang impormasyong ito ay dapat ibigay sa isang pasyente na gumagawa ng pormal na Unang Kahilingan para makakuha ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay mula sa isang doktor habang nasa pagkonsultang medikal (alinsunod sa seksyon 20 (4) (b) ng *Voluntary Assisted Dying Act 2019*). Ang impormasyong ito ay maaaring ibigay kasama ng iba pang impormasyon kung naaangkop.

Ang kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay ay isa sa maraming mga pagpipilian na maaaring makuha ng isang pasyente sa pagwawakas ng buhay. Dapat may kamalayan ang isang pasyente sa lahat ng kaniyang mga pagpipilian sa pagwawakas ng buhay kabilang ang pangangalagang palyatibo.

Ang Western Australia Voluntary Assisted Dying Statewide Care Navigator Service (SWCNS) ay magagamit upang suportahan ang mga pasyente at sagutin ang kanilang maaaring mga katanungan tungkol sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay. Ang mga detalye tungkol sa SWCNS at iba pang makukuhang mga pagpipilian sa suporta ay kasama sa impormasyong ito.

Maaaring makipag-ugnay sa SWCNS sa pamamagitan ng email at telepono sa mga karaniwang oras ng negosyo (8:30 nu - 5:00 nh).

**Email:** **VADcarenavigator@health.wa.gov.au**
**Telepono:** **(08) 9431 2755**

# Impormasyon sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay

## Ano ang kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay?

Ang kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay ay isang ligal na proseso na nagbibigay-daan upang makuha ng isang pasyente ang gamot na magdudulot ng kaniyang kamatayan. Ang gamot na ito ay kilala bilang gamot sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay. Maaaring magpasya ang pasyente na siya mismo ang magbibigay sa sarili niya ng gamot o ipagawa ito sa isang doktor o nars sa oras at lugar na kaniyang pipiliin.

Binibigyang-diin ng mga salitang kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay ang pagkukusang-loob sa pasya ng pasyente at ang pananatili ng kanyang kakayahang magpasya. Ang *Voluntary Assisted Dying Act 2019* (ang Batas) ang batas na nangangasiwa sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay sa Western Australia (WA).

## Sino ang marapat makakuha ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay?

### Edad

Ang tao ay dapat may sapat na gulang (may edad na 18 taong gulang pataas).

### Paninirahan

Ang tao ay dapat isang mamamayan ng Australya o permanenteng residente at karaniwang nakatira sa WA nang hindi bababa sa 12 buwan habang ginagawa ang Unang Kahilingan.

### Mga kahingiang medikal

Ang tao ay dapat nasuring may isang sakit man lang, karamdaman o kondisyong medikal na malubha na, papalala at magiging (sa balanse ng mga posibilidad) sanhi ng pagkamatay sa loob ng anim na buwan, o 12 buwan kung ito ay isang kondisyon na neurodegenerative.

Ang sakit, karamdaman o kondisyong medikal ay dapat na nagdudulot ng pagdurusa na hindi mapapagaan sa paraang itinuturing na matatagalan ng tao.

## Kakayahan sa paggawa ng desisyon

Ang tao ay dapat may kakayahang gumawa ng desisyon kaugnay sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay.

Nangangahulugan ito na ang tao ay dapat may kapasidad na:

- maunawaan ang anumang impormasyon o payo tungkol sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay na kinakailangang ibigay sa kanila
- maunawaan ang mga bagay na kasangkot sa desisyon na kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay
- maunawaan ang epekto ng desisyon sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay
- timbangin ang mga kadahilanang ito para sa mga layunin ng paggawa ng desisyon sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay
- ibahagi ang kaniyang desisyon kahit paano.

## Pagkusang-loob

Ang tao ay dapat kusang-loob na kumilos at walang pamimilit (ibig sabihin, na walang pamumuwersa, impluwensya o paghimok ng ibang tao).

## Nagtatagal na kahilingan

Ang kahilingan ng tao ay dapat nagtatagal (nagtatagal sa loob ng matagal na panahon).

**Kung hindi natutugunan ng tao ang lahat ng mga pamantayan sa pagiging marapat, hindi niya makukuha ang kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay.**

# Impormasyon tungkol sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay

Ang mga doktor at nars na kasangkot sa proseso ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay ay kwalipikadong suportahan ang kanilang mga pasyente. Dapat matugunan ng mga doktor ang ilang mga kahingian sa pagiging marapat at dapat nakumpleto ang ipinag-uutos na pagsasanay bago sila makasama sa proseso ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay. Kung kasangkot ang isang nars, dapat din niyang matugunan ang ilang mga kahingian sa pagiging marapat at nakumpleto ang ipinag-uutos na pagsasanay.

Ang pagtalakay ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay sa isang doktor o nars ay hindi magpapasimula sa proseso ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay. Kinakailangang gumawa ang pasyente ng malinaw at walang alinlangang kahilingan na makakuha ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay, na tinatawag na Unang Kahilingan. Ang Unang Kahilingan ang nagsisimula sa proseso alinsunod sa Batas.

Mayroong 10 mga hakbang sa proseso ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay. Ang mga Hakbang 1 hanggang 6 ay may kinalaman sa proseso ng paghiling at pagtatasa. Saklaw ng Hakbang 7 hanggang 10 ang proseso ng pangangasiwa. Maaaring ihinto ng isang pasyente ang proseso sa anumang oras.



## 1. Unang Kahilingan

Ang Unang Kahilingan ay isang kahilingan sa doktor para sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay habang nasa pagkonsultang medikal. Dapat malinaw at walang alinlangang maipahayag ng pasyente sa doktor na nais niyang makakuha ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay.

Magpapasya ang doktor kung tatanggapin o tatanggihan ang Unang Kahilingan. Maaari siyang tumanggi dahil hindi siya sumasang-ayon sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay (tinututulan ng kanyang konsensya ang kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay) o dahil hindi siya marapat o hindi niya kayang tanggapin ang kahilingan. Tanggapin man niya o tanggihan ang Unang Kahilingan, ang doktor ay dapat magbigay sa pasyente ng impormasyon tungkol sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay sa WA.

Kung hindi Ingles ang unang wika ng pasyente o nahihirapan siyang makipag-usap, maaaring gamitin ang serbisyo ng isang interpreter o tulong sa komunikasyon (communication aid) sa paggawa ng Unang Kahilingan. Kung ang pagkonsultang medikal ay isinasagawa sa pamamagitan ng telehealth, dapat itong maganap gamit ang videoconferencing application upang makita at marinig ng doktor ang pasyente at matalakay ang kaniyang kahilingan.

## 2. Unang Pagtatasa

Kapag tinanggap ng doktor ang Unang Kahilingan, siya ang magiging Coordinating Practitioner para sa pasyente. Sa ganitong tungkulin ay ikokoordina niya ang proseso ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay para sa pasyente. Ang unang hakbang para sa Coordinating Practitioner ay ang pormal na pagtatasa sa pagiging marapat ng pasyente para sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay upang matiyak na natutugunan niya ang lahat ng pamantayan na hinihingi ng Batas. Ang pagtatasa na ito ay tinatawag na Unang Pagtatasa.

Kung ang pasyente ay hindi sumasang-ayon sa kinalabasan ng Unang Pagtatasa, maaari siyang humiling ng pagrepaso ng ilang mga desisyon sa pagtatasa ng State Administrative Tribunal (SAT). Nalalapat din ito sa Pagtatasa sa Pagkonsulta at sa Huling Pagrepaso.

## 3. Pagtatasa sa Pagkonsulta

Kung ang kinalabasan ng Unang Pagtatasa ay ang pasyente ay marapat para sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay, ang Coordinating Practitioner ay magsasangguni sa kaniya sa isa pang doktor para sa pagtatasa. Ang doktor na ito ay magiging Consulting Practitioner para sa pasyente at malayang

tatasahin ang kaniyang pagiging marapat para sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay. Ang pagtatasa na ito ay tinatawag na Pagtatasa sa Pagkonsulta.

## 4. Nakasulat na Pahayag

Kung ang pasyente ay natasang marapat para sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay ng Coordinating Practitioner at Consulting Practitioner, ang pasyente ay maaari nang gumawa ng Nakasulat na Deklarasyon sa harap ng dalawang saksi, na humihiling ng pag-access sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay.

## 5. Huling Kahilingan

Kung ang pasyente ay gumawa ng isang Nakasulat na Pahayag, maaari siyang gumawa ng Huling Kahilingan sa Coordinating Practitioner para makakuha ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay. Ang Huling Kahilingan ay hindi maaaring gawin bago matapos ang itinalagang tagal na siyam na araw, na magsisimula sa araw ng Unang Kahilingan.

Kung kapwa ang Coordinating Practitioner at Consulting Practitioner ay naniniwala na ang pasyente ay mamamatay o mawawalan ng kapasidad na gumawa ng mga desisyon tungkol sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay bago matapos ang itinakdang panahon, ang pasyente ay maaaring payagan na makakuha ng gamot sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay nang mas maaga.

Tumutulong ang Huling Kahilingan upang matiyak na ang desisyon ng pasyente na makakuha ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay ay nagtatagal at hindi nagbago. Kung ang pasyente ay gumawa ng may-saysay na Huling Kahilingan, sisimulan ng Coordinating Practitioner ang proseso ng Huling Pagrepaso.

## 6. Huling Pagrepaso

Kinakailangan sa Huling Pagrepaso na suriin ng Coordinating Practitioner na ang proseso ng paghiling at pagtatasa ay nakumpleto alinsunod sa Batas. Nangangahulugan ito na dapat tiyakin ng Coordinating Practitioner na ang pasyente ay may kakayahan pa ring gumawa ng desisyon na nauugnay sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay, kusang-loob na kumikilos at walang pamimilit, at nais pa ring makakuha ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay.

**Mahalagang tandaan na maaaring ihinto ng pasyente ang proseso ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay sa anumang oras. Walang obligasyon para sa pasyente na magpatuloy kahit na natapos na ang proseso ng kahilingan at pagtatasa.**

## 7. Desisyon ng Pagsasagawa

Kailangang magpasya ang pasyente, sa tulong ng kaniyang Coordinating Practitioner, kung siya mismo ang magbibigay sa sarili niya ng gamot para sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay (siya mismo ang iinom nito) o kung naaangkop, ipagawa ito sa isang Administering Practitioner para sa kanya. Ang Administering Practitioner ay karaniwang siya ring Coordinating Practitioner. Sa ilang mga kaso, isa pang marapat na doktor o nars ay maaaring sumali upang maging Administering Practitioner para sa pasyente.

Kung nagpasya ang pasyente na siya mismo ang magbibigay sa sarili niya ng gamot para sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay, dapat siyang humirang ng isang Contact Person bago makapagreseta ang Coordinating Practitioner ng gamot para sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay.

## 8. Reseta

Ang Coordinating Practitioner ay magrereseta ng gamot sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay. Kinakailangan niyang bigyan ang pasyente ng ilang impormasyon tungkol sa gamot bago ireseta ang gamot sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay.

Hindi tulad ng karamihan sa mga gamot, ang reseta ay hindi ibibigay sa pasyente. Sa halip, ibibigay ito ng Coordinating Practitioner nang direkta sa Awtorisadong Suplayer sa Western Australian Voluntary Assisted Dying Statewide Pharmacy Service (SWPS).

## 9. Pagsuplay at paggamit ng gamot sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay

Ang gamot sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay ay hindi dapat isuplay ng Awtorisadong Suplayer sa SWPS maliban kung natanggap at napatunayan nila na ang reseta ay mula sa Coordinating Practitioner.

Kung ang pasyente ay nagpasya na siya mismo ang magbibigay sa sarili niya, ang Awtorisadong Suplayer ay maaaring magbigay ng gamot para sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay nang direkta sa pasyente, kaniyang Contact Person o sa isang tao na maaaring kumulekta ng gamot

sa ngalan ng pasyente. Ang nakasulat na impormasyon tungkol sa gamot sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay (kabilang ang mga tagubilin para sa pag-iimbak at paggamit) ay ibibigay ng Awtorisadong Suplayer sa taong kumukulekta ng gamot.

Kung ang pasyente ay nagpasya na ang gamot sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay ay ibibigay sa kaniya ng isang doktor o nars (na kilala bilang Administering Practitioner), isusuplay ng Awtorisadong Suplayer ang gamot nang direkta sa Administering Practitioner (na tatanggapin ang responsibilidad para sa gamot hanggang sa magamit ito).

### 10. Sertipiko ng kamatayan

Hinihiling ng Batas na hindi babanggitin ang kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay sa sertipiko ng kamatayan ng pasyente. Ito ay upang igalang at protektahan ang pribasya ng pasyente (at posibleng maging ang kaniyang pamilya). Ang doktor na nagpapatunay at nagbibigay ng sertipikasyon sa pagkamatay ng pasyente ay magtatala ng kaniyang taglay na sakit, karamdaman o kondisyong medikal bilang sanhi ng pagkamatay.

# Impormasyon kasunod sa isang Unang Kahilingan

## Desisyon ng doktor

Dahil ginawa mo ang isang Unang Kahilingan sa isang doktor, dapat siyang magpasya kung tatanggapin niya ang iyong kahilingan o hindi. Tanggapin man niya o tanggihan ang iyong Kahilingan, dapat ka niyang bigyan ng polyeto ng impormasyong ito.

Kung ang doktor ay hindi sumasang-ayon sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay (tinututulan ito ng kanyang konsensya), dapat **agad** niyang tanggihan ang iyong Unang Kahilingan at ipaalam sa iyo na hindi ka niya matutulungang makakuha ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay.

Kung hindi tinututulan ng konsyensya ng doktor ang kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay, dapat niyang ipaalam sa iyo kung tatanggihan o tatanggapin niya ang iyong kahilingan sa loob ng dalawang araw ng negosyo pagkatapos mong gawin ang Unang Kahilingan. Hindi lahat ng mga doktor ay tatanggapin ang Unang Kahilingan para sa kusang-loob na pagtulong

sa pagkamatay. Maaaring hindi nila matutugunan ang mga kahingian sa pagiging marapat na doktor (hal. hindi pa sila matagal na doktor) o maaaring mayroon silang ibang dahilan para sa pagtanggi (hal. hindi sila libre sa panahong iyon).

## Anong mangyayari sa susunod?

Kung tinanggap ng doktor ang iyong Unang Kahilingan, siya ang iyong magiging Coordinating Practitioner. Bilang iyong Coordinating Practitioner sisimulan niya ang proseso ng pagtatasa upang kumpirmahing ikaw ay marapat makakuha ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay.

Kung tinanggihan ng doktor ang iyong Unang Kahilingan, nasa sa iyo ang desisyon kung ano ang susunod na mangyayari. Maaari kang magpasyang gumawa ng Unang Kahilingan sa isa pang doktor.

## Anong impormasyon at suporta ang makukuha?

Ang Western Australian Voluntary Assisted Dying Statewide Care Navigator Service (SWCNS) ay magagamit upang suportahan ka, bibigyan ka ng impormasyon at sasagutin ang iyong maaaring mga katanungan. Ang serbisyo ay pinamumunuan ng mga nars at tauhan ng Care Navigators na may karanasang mga propesyonal sa kalusugan na pamilyar sa ligal at praktikal na aspeto ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay sa WA.

Ang Care Navigators ay maaaring:

- magbigay ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay
- magbigay ng tiyak na impormasyon tungkol sa proseso ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay sa WA
- tumulong upang makahanap ng isang doktor o nars na handa at marapat na lumahok
- tukuyin kung marapat kang makakuha sa mga pangrehiyong pakete ng suporta
- iugnay ka sa iba pang mga kapaki-pakinabang na mapagkukunan.

Maaaring makipag-ugnay sa SWCNS sa pamamagitan ng email at telepono sa mga karaniwang oras ng negosyo (8:30 nu - 5:00 nh).

**Email:** VADcarenavigator@health.wa.gov.au
**Telepono: (08) 9431 2755**

Mayroong karagdagang impormasyon tungkol sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay na makukuha online mula sa WA Department of Health.

**Website:** ww2.health.wa.gov.au/voluntaryassisteddying

Depende sa iyong sitwasyon mayroong ibang mga serbisyo na maaaring makatulong sa iyo:

Maaaring magbigay sa iyo ang Palliative Care WA ng impormasyon at suporta sa pagpaplano ng pagwawakas ng buhay, palyatibong pangangalaga, dalamhati at kawalan at matulungan kang makahanap ng mga tagabigay ng serbisyo ng palyatibong pangangalaga na malapit sa inyo sa pamamagitan ng paghahanap sa kanilang online na direktoryo o pagtawag sa kanilang Palliative Care Information and Support Line.

**Website:** www.palliativecarewa.asn.au
**Telepono: 1800 573 299** (9:00 nu – 5:00 nh, 7 araw sa isang linggo)

Ang Beyond Blue ay maaaring magbigay ng suporta para sa kalusugan ng kaisipan at kabutihan, lalo na kung nakakaranas ka ng pagkabalisa o pagkalungkot.

**Website:** www.beyondblue.org.au
**Telepono: 1300 224 636** (anumang oras araw o gabi)

Ang Lifeline ay maaaring magbigay ng suporta sa krisis kung kailangan mo ng agarang tulong upang harapin ang damdaming pagkabalisa.

**Website:** www.lifeline.org.au
**Telepono: 13 11 14** (anumang oras araw o gabi)

## Ano ang mangyayari sa aking personal na impormasyon?

Ang Board (Lupon) ng Voluntary Assisted Dying ay isang lupong itinakda ng batas na itinatag upang matiyak ang pagsunod sa *Voluntary Assisted Dying Act 2019* at upang magrekomenda ng mga pagpapabuti sa kaligtasan at kalidad. Ang Lupon ay nakatuon sa pagprotekta ng pribasya ng lahat ng mga indibidwal na humiling, o um-access sa kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay sa Western Australia. Ang karagdagang impormasyon kung paano pinapangasiwaan ang iyong personal na impormasyon ay makukuha sa papel-kaalamang *Impormasyon para sa mga pasyente tungkol sa kanilang mga datos* na makukuha sa website ng Voluntary Assisted Dying Board: www.health.wa.gov.au/voluntaryassisteddyingboard (sa ilalim ng seksyong may pamagat na "Functions of the Board" (Mga Tungkulin ng Board)).

## Pagbibigay ng feedback (komento) sa proseso ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay

Sinumang kasangkot sa proseso ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay (hal. pasyente, pamilya, practitioner) ay maaaring nais na ibahagi sa Voluntary Assisted Dying Board ang personal niyang karanasan o feedback tungkol sa prosesong iyon. Ito ay maisasagawa sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang *form ng Personal na Pagmumuni-muni*.

Ito ay makukuha sa website ng Voluntary Assisted Dying Board: www.health.wa.gov.au/voluntaryassisteddyingboard (sa ilalim ng seksyong may pamagat na "Functions of the Board"). Maaari ka ring humiling ng form mula sa SWCNS, o mula sa iyong Coordinating o Consulting Practitioner.

Maaari mong kumpletuhin ang isang *form ng Personal na Pagmumuni-muni* sa anumang yugto ng proseso ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay.

## Impormasyon sa Reklamo

Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong karanasan sa proseso ng kusang-loob na pagtulong sa pagkamatay dapat mo munang talakayin ito sa may kinalamang tao, service provider o ahensya (na dapat may proseso ng mga reklamo na susundin mo).

Maaari kang magreklamo tungkol sa mga indibidwal o samahan na nagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan, pangkapansanan o kalusugang pangkaisipan sa Health and Disability Services Complaint Office (HaDSCO). Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa website ng HaDSCO (www.hadsco.wa.gov.au).

Maaari mong talakayin ang mga alalahanin tungkol sa pag-uugali o pagganap ng isang nakarehistrong doktor o nars sa Australian Health Practitioner Regulation Agency (AHPRA). Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa website ng AHPRA (www.ahpra.gov.au).

Maaari mong talakayin ang mga alalahanin tungkol sa isang propesyonal sa kalusugan na hindi natutugunan ang mga kahingian ng Batas sa Voluntary Assisted Dying Board. Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa website ng Voluntary Assisted Dying Board (ww2.health.wa.gov.au/voluntaryassisteddyingboard).

Ang dokumentong ito ay maaaring makuha sa mga alternatibong format na hiniling para sa isang taong may kapansanan.

Ginawa ng Health Networks

© Kagawaran ng Kalusugan 2022

Ang karapatang-sipi sa materyal na ito ay nakatalaga sa Estado ng Western Australia maliban kung iba ang nakasulat. Bukod sa anumang patas na pakikitungo para sa mga layunin ng pribadong pag-aaral, pananaliksik, pagpuna o pagrepaso, na pinahihintulutan sa ilalim ng mga probisyon ng *Copyright Act 1968*, walang bahagi ang maaaring kopyahin o magamit muli para sa anumang mga layunin nang walang nakasulat na pahintulot ng Estado ng Western Australia.

HEN-013975 ENERO'22